

**Sama-sama tayong lumikha ng
multikultural na Lungsod ng Anjo
kung saan tumitira ang kahit sinuman
nang may seguridad**

Prinsipyo

Ang ikatlong plano ng ating lungsod na "Sama-sama tayong lumikha ng multikultural na Lungsod ng Anjo kung saan tumitira ang kahit sinuman nang may seguridad, ay nangangahulugan na ang mga mamamayang Hapones at mga dayuhang mamamayan, lokal na pamahalaan at mga mamamayan, at iba pa, ay magtutulungan upang matupad ang lipunan ng multicultural coexistence.



Paano binuo ang patakarang ito

Binuo ng ating lungsod ang unang plano noong taong 2014 at ang ikalawang plano noong taong 2019, at mula noon ay isinulong ang iba't ibang pagsisikap.

Habang patuloy na pinapalawak ng pamahalaan ang pagtanggap ng mga dayuhan bilang mga manggagawa, inaasahang lalo pang dadami ang mga dayuhang mamamayan sa ating lungsod, kung saan umuunlad ang mga industriya tulad ng pagmamamunipaktura. Upang mas lalo pang maisulong ang patakaran ng multicultural coexistence, binuo ang ikatlong plano na nakasadyang isagawa sa loob ng limang taon mula sa taong 2025 hanggang 2029.

Pagpapaunlad ng komunidad sa pangunguna ng iba't ibang kinauukulan

1

Isusulong ang multicultural coexistence sa buong Lungsod ng Anjo sa pamamagitan ng pagtutulungan ng iba't ibang kinauukulan tulad ng lokal na pamahalaan at mga mamamayan, pati sa pagitan ng mga mamamayan.

Nilalaman ng mga patakaran

- 1-1 Pakikipagtulungan kasama ang iba't ibang kinauukulan**
- 1-2 Pagtaas ng kamalayan sa multicultural coexistence, pagsusulong ng pag-uunawaan sa isa't isa at pakikipag-ugnayan**
- 1-3 Pagsusulong ng aktibong partisipasyon ng mga dayuhang mamamayan**

Mahahalagang pagsisikap

- Paghahanap ng mga mamamayan na interesado sa multicultural coexistence
- Pagtatatag ng sentro ng multicultural coexistence
- Suporta para sa paglikha ng mga pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan na isasagawa ng mga organisasyong nagsusulong ng multicultural coexistence



Suporta para sa pamumuhay ayon sa yugto ng buhay

2

Magbibigay kami ng walang humpay na suporta sa mga dayuhang mamamayan bilang tugon sa kanilang nagiging magkakaiba at lalong nagiging komplikadong mga konsultasyon, upang makalikha ng ligtas at panatag na kapaligiran para sa pamumuhay para sa kanila.

Nilalaman ng mga patakaran

- 2-1 Pagtatatag ng isang sistema ng konsultasyon na nakatuon sa pangangailangan ng mga dayuhang mamamayan**
- 2-2 Pagsusulong ng pag-unawa sa mga sistema at impormasyon sa ligtas at panatag na pamumuhay**
- 2-3 Suporta para sa mga bata at pagpapalaki ng bata**

Mahahalagang pagsisikap

- Pagsasagawa ng pagbibigay ng konsultasyon habang nakikipagtulungan sa mga kaugnay na departamento at institusyon
- Pagpapadali ng mga pagtugon sa mga dayuhang mamamayan sa evacuation center
- Pagsusulong ng pag-unlad ng karera at pag-unawa sa sistema ng edukasyon para sa mga estudyanteng nangangailangan ng gabay sa wikang Hapon at ang kanilang mga magulang



Pagpapabuti ng komunikasyon

3


Magsasagawa ng mga pagsisikap upang epektibong magbigay at magpalaganap ng impormasyon sa mga dayuhang mamamayan, mapabuti ang mga pagkakataon para makapag-aral ng wikang Hapon, at pagsusulong ng komunikasyon sa pagitan ng mga mamamayan na hindi limitado sa nasyonalidad, at iba pa.

Nilalaman ng mga patakaran

- 3-1 Pagtatatag ng isang sistema ng pagpapalaganap ng impormasyon**
- 3-2 Pagsusulong ng edukasyon sa wikang Hapon**
- 3-3 Pagsusulong ng komunikasyong hindi limitado sa nasyonalidad**

Mahalagang pagsisikap

- Pagpapalaganap ng impormasyon gamit ang social media at iba pa
- Suporta para sa pagdaraos at pagpapatakbo ng mga klase sa wikang Hapon para sa mga adulto
- Pagpapakilala ng "Simpleng wikang Hapon"




Mga indikasyon ng nakamit

Indikasyon	Kasalukuyang antas (Taong Piskal 2023)	Target na antas (Taong Piskal 2029)
Mga taong aktibo sa mga organisasyong nagsusulong ng multicultural coexistence	160 katao	240 katao
Antas ng pag-unawa ng mga mamamayang Hapones tungkol sa multicultural coexistence	45.1%	60.0%
Porsyento ng mga dayuhang mamamayan na nakibahagi sa mga kaganapan sa bayan	51.7%	60.0%
Porsyento ng mga dayuhang mamamayan na nahihirapan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay	75.1%	65.0%
Porsyento ng mga dayuhang mamamayan na handa sa mga sakuna	32.8%	50.0%
Rate ng mga estudyanteng nangangailangan ng gabay sa wikang Hapon at magpapatuloy sa high school at iba pa	84.0%	91.0%
Bilang ng mga nakarehistro sa "Anjo-info", isang social media para sa mga dayuhan	facebook: 778 katao Instagram: 343 katao	facebook: 1,600 katao Instagram: 700 katao
Porsyento ng mga dayuhang mamamayang nagkaroon ng problema sa wikang Hapon	69.6%	65.0%
Antas ng pagkilala sa "Simpleng wikang Hapon" sa mga mamamayang Hapones	29.2%	40.0%

Populasyon ng mga dayuhan sa Lungsod ng Anjo

Bilang at porsyento ng mga mamamayang may dayuhang nasyonalidad (Aichi Prefecture, pambansang paghahambing)

Sa katapusan ng Setyembre 2024, ang populasyon ng dayuhan sa ating lungsod ay 8,523 katao, na sumasakop sa 4.5% ng populasyon ng lungsod. Ang porsyento ng populasyon ng mga dayuhan ay mas mataas kumpara sa buong bansa at Aichi Prefecture.



(Sanggunian)

Populasyon ng Lungsod ng Anjo:

"Batayang Rehistro ng mga Mamamayan (Setyembre 30, 2024 sa kasalukuyan)" - Lungsod ng Anjo

Populasyon sa Aichi Prefecture at sa buong bansa:

"Mga Istatistika sa mga Dayuhang Residente (Hunyo 30, 2024 sa kasalukuyan)" - Immigration Services Agency of Japan, Ministry of Justice

Populasyon sa Aichi Prefecture:

"Populasyon sa Aichi (tinatantyang bilang noong Hulyo 1, 2024 sa kasalukuyan)" - Statistics Division ng Aichi Prefectural Government

Populasyon sa buong bansa:


"Mga Pagtatantya ng Populasyon (Hulyo 2024)" - Statistics Bureau, Ministry of Internal Affairs and Communications

Populasyon ng mga dayuhan sa Lungsod ng Anjo ayon sa nasyonalidad:

"Batayang Rehistro ng mga Mamamayan (tuwing Setyembre 30, 2024 sa kasalukuyan)" - Lungsod ng Anjo

Mga pagbabago sa populasyon ng dayuhan sa Lungsod ng Anjo ayon sa nasyonalidad

Bagama't may mga panahon na bumaba ito dahil sa pang-ekonomiya at panlipunang mga salik tulad ng pandaigdigang krisis sa pananalapi noong taong 2008, patuloy itong tumataas sa pangmatagalang pananaw.



Pangunahing Bahagi ng Ikatlong Plano para sa Multicultural Coexistence sa Lungsod ng Anjo

(Opisyal na website ng Lungsod ng Anjo)



Lungsod ng Anjo, Anjo-info

Magbibigay kami ng kinakailangang impormasyon para sa mga dayuhang nakatira sa Lungsod ng Anjo.



facebook



Instagram

Pag-edit at Paglathala

18-23 Sakuramachi, Anjo City, Aichi Prefecture 446-8501

Anjo City, Civic Life Department, Civic Collaboration Section

TEL: 0566-71-2218 FAX: 0566-72-3741

E-mail: kyodo@city.anjo.lg.jp